# Framework sa Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS: Gamit sa Paglalarawan ng Posisyon

## NDIS Workforce Capability Framework: Position Description Tool

## Filipino

Ang Framework sa Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS o NDIS Workforce Capability Framework (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na dapat asahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw, praktikal na mga halimbawa at nagtatatag ng isang ibinahaging wika ng 'kung ano ang hitsura ng mabuti' para sa mga kalahok na tumatanggap ng mga serbisyo at suporta ng NDIS. Sinusuportahan ng gamit (tool) na ito ang paggamit ng Workforce Capability Framework.

Ang Gamit sa Paglalarawan ng Posisyon ay sumusuporta sa mga kalahok at tagabigay ng serbisyo (provider) ng NDIS upang bumuo ng mga paglalarawan ng posisyon batay sa mga kakayahan na nasa Framework. May binagay ng patnubay para sa bawat grupo: mga kalahok at provider.

*Ang pagtiyak na ikaw ay mayroong komprehensibo, hindi pabagu-bagong mga paglalarawan ng posisyon ay susuporta sa mga layunin ng kalahok at provider at magbibigay ng malinaw na mga dapat asahan ng iyong mga manggagawa.*

## Ano ang dapat asahan

Sinusuportahan ng gamit (tool) na ito ang mga kalahok at provider ng NDIS upang lumikha ng detalyadong mga paglalarawan ng posisyon na kinabibilangan ng lahat ng mahahalagang impormasyon ng posisyon at iyan ay naaayon sa Workforce Capability Framework.

- **Paunlarin:** Lumikha ng mga paglalarawan ng posisyon na detalyado at malinaw sa mga dapat asahan ng mga manggagawa
- **Paunlarin:** Gamitin ang interactive tool upang ilagay sa iyong impormasyon at makita ang tool na awtomatikong maglo-load ng mga kaugnay na kakayahan
- **Ihanay:** Ihanay ang iyong paglalarawan ng posisyon sa mga kakayahan ng Framework at mga dapat asahan sa pag-uugali at gawain
- **Kinalabasan:** Bumuo ng mga paglalarawan ng posisyon na kasama ang mga kaugnay na mga kinakailangan at kakayahan.

## Gamit (tool) sa pagsasanay:

**Kalahok:** Nagdesisyon si Jen na direktang i-empleyo ang kanyang mga manggagawa bilang mga kalahok na pinamamahalaan ang sarili (self-managed participants). Siya ay nagre-recruit ng mga manggagawa sa unang pagkakataon at hindi sigurado kung saan magsisimula. Napakahalaga para sa kanya na maunawaan ng mga staff na kanyang tinanggap sa trabaho ang tungkulin na kanilang gagampanan at kung ano ang dapat asahan niya mula sa kanila.

Ginagamit ni Jen ang **Tool sa Paglalarawan ng Posisyon** upang bumuo ng isang paglalarawan ng posisyon na malinaw na isinasalarawan ang mga kahingian at kakayahan na kailangan niya mula sa mga manggagawa ng pagsuporta. Nakatutulong ito sa kanya kapag iniinterbyu niya ang mga potensyal na manggagawa para ipaalam sa kanila ang mga inaasahan niya at masuri kung taglay nila ang kinakailangang mga kakayahan. Ang paglalarawan ng posisyon ay nagbibigay din ng gabay para sa kanyang mga manggagawa kung kailan sila magsisimula.

**Tagabigay ng serbisyo (Provider):** Ang NDIS Care ay walang mga suporta ng human resources at kailangang magbigay sa kanilang mga manggagawa ng mga paglalarawan ng posisyon upang linawin ang ilang pagkalito tungkol sa kanilang mga tungkulin.

Nagagamit nila ang **Tool sa Paglalarawan ng Posisyon** at sila ay nakakabuo ng mga hiwalay na paglalarawan ng posisyon para sa mga manggagawa sa pagsuporta at para sa mga team leader. Ang NDIS Care ay nakikipagtulungan sa kanilang mga kalahok upang isama ang mga partikular na mga kinakailangan ng mga manggagawa upang suportahan ang mga ito. Ang gamit (tool) ay awtomatikong pinupunan ang mga kakayahan na pinili nila mula sa Workforce Capability Framework. Ginagamit ng NDIS Care ang mga paglalarawan ng posisyon sa kanilang pag-recruit at upang suportahan ang kanilang mga manggagawa sa pag-unawa sa kanilang mga tungkulin.

Ginagamit din ng NDIS Care ang **Recruitment and Selection Resources** kapag nagre-recruit sa mga posisyon.

### Pag-access at paggamit ng tool

Ang Gamit (Tool) sa Paglalarawan ng Posisyon ay magagamit online. Ang tool ay simple at madaling gamitin. Buksan ang Tool para sa Paglalarawan ng Posisyon, piliin ang 'Lumikha ng iyong paglalarawan ng posisyon' (‘Create your position description’) at sundin ang mga prompt upang makumpleto ang iyong paglalarawan ng posisyon.

**I-access ang tool:** Tool sa Paglalarawan ng Posisyon | Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS (ndiscommission.gov.au)

Maaari mong kumpletuhin ang tool sa isang pag-upo lamang o i-download bilang isang dokumento ng Word sa sandaling ang panimulang impormasyon ay naipasok.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o sa pagpapatupad nito, bisitahin ang website: https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/.

**Makipag-ugnay sa:** workforcecapability@ndiscommission.gov.au o 1800 035 554.